REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BLG.96-281

**KAPASIYAHAN NA HUMIHILING KAY GEN. VICENTE VINARAO NG BUREAU OF CORRECTIONS NA PANSAMANTALANG IHINTO ANG DEMOLISYON NG MGA BAHAY NA NAKATAYO SA LUPA NA KANUGNOG O KARATIG NG NEW BILIBID PRISONS.**

*****************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Panglungsod

*****************************************************************

**SAPAGKAT,** ang kaisahan ng Maralitang Anak-Pawis sa Komunidad, ay dumulog sa Sangguniang Panglungsod na nagsusumbong sa ginawang paggiba ng mga bahay ng Samahan ng mga Maralita ng Sitio Pag-asa na matatagpuan sa Pugad-Lawin Poblacion, Muntinlupa City o lupa na kanugnog o karatig ng New Bilibid Prisons;

**SAPAGKAT,** ang naganap na paggiba noong Marso 30, 1996 ay isa lamang sa sunod-sunod (series) na demolisyon na isinagawa simula pa noong Disyembre, 1995;

**SAPAGKAT,** sa isinasagawang paggigiba sa mga bahay ng nabanggit na Samahan, napag-alaman na wala namang nakatakdang lupa o relocation site na paglilipatan sa mga ito;

**SAPAGKAT,** mayroon na namang nakatakdang araw ng paggigiba sa mga nalalabing naninirahan dito sa darating na Sabado, Abril 6, 1996 kahit wala pang relocation site;

**SAPAGKAT,** hangad ng Sangguniang Panglungsod na malaman ang dahilan ng demolisyon at kung ang pamamaraan ng implementasyon ay umaayon sa mga umiiral na batas lalo na sa pagkakaroon ng lupang malilipatan ng mga taong naaapektuhan;

**SAPAGKAT,** habang inaalam ang kalutasan sa suliraning ito, kinakailangan ang pansamantalang pagpapahinto ng demolisyon hanggang hindi nalulutas ang pagkakaroon ng lupang malilipatan na maaapektuhan nito;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na hilingin, na ngayon ay hinihiling kay Direktor Vicente Vinarao ang pansamantalng pagpapahinto ng demolisyon ng mga bahay na nakatayo sa kanugnog o karatid ng New Bilibid Prisons habang hindi nalulutas ang pagkakaroon ng lupang malilipatan ng mga naninirahan dito.

**PINAGPASIYAHAN PA,** na ang Komite ng Katarungan at Karapatang Pantao ay gumawa ng Pampublikong Pagdinig at pakikipag-ugnayan sa nararapat na tanggapan ng Pamahalaan sa ikabibilis ng kalutasan ng usaping ito.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika - 01 ng Abril, 1996 sa ginanap na ika - 35 Regular na Sesyon sa Silid Pulungan ng People's Center.

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. RAFAEL R. ARCIAGA
Konsehal

KGG. VICTOR L. ULANDAY
Konsehal

KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. JO JASON T. ALCARAZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pansamantalang Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**PINATOTOHANAN:**

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punonglungsod**

4/18/96